

ABUGADO O PANIG NA WALANG ABUGADO (<i>Pangalan, Numero sa Bar ng State, at Address</i>): <hr/> NUMERO NG TELEPHONE: _____ NUMERO NG FAX _____ E-MAIL ADDRESS (<i>Opsijonal</i>): _____ (<i>Opsijonal</i>): _____ ABUGADO PARA (<i>Pangalan</i>): _____	PARA SA PAGGAMIT NG HUKUMAN LAMANG Para pagbibigay-alam lamang. Huwag iharap sa Hukuman.
SUPERIOR COURT NG CALIFORNIA, COUNTY NG ADDRESS DA DAAN: ADDRESS PANGKOREO: LUNGSOD AT ZIP CODE: PANGALAN NG SANGAY:	
HUMIHILING/MAYSAKDAL: PINASASAGOT/NASASAKDAL: KABILANG MAGULANG:	
STIPULATION AND ORDER WAIVING UNASSIGNED ARREARS (pagtatadhana at pag-utos na nagpapaubaya ng mga dapat babayarang hindi nalipat: Pampamahalaan)	
Mga Tagubilin: Ang form nito ay sasagutin kung nais ipaubaya ng panig kung sino ang babayaran ng tustos ang kanyang karapatan sa nahuhuling tustos na dapat bayaran sa kanya. Kung alinman sa mga panig ay may anumang tanong tungkol sa mga maaring bunga ng pagpapaubayang ito, dapat siyang makipag-alam sa isang abugado. Kung alinman sa mga panig ay may mga tanong tungkol sa kaso o impormasyon sa form nito, dapat siyang makipag-alam sa Family Law Facilitator (taga-paalwan sa batas pampamilya) o sa local child support agency (tanggapang pampanustos ng bata).	

MGA PANIG

1. Ang panig na nagpapaubaya ng nahuhuling tustos ay ang

humihiling/maysakdal pinasasagot/nasasakdal kabilang magulang iba pa (*tukuyin*):

2. Ang panig na inuutusang magbayad ng tustos ay ang

umihiling/maysakdal pinasasagot/nasasakdal kabilang magulang iba pa (*tukuyin*):

3. Ang panig na inutusang magbayad ng tustos at ang panig na nagpapaubaya ng nahuhuling tustos ay ang mga panig ng kasunduang ito.

KARAPATANG GUMAMIT NG ABUGADO

4. Naiintindihan ng mga panig ang kanilang karapatang makatawanan ng abugado, sa kanilang gastos, kaugnay sa paglilitis na ito.

WALANG HANGGANAN SA PANAHONG PAGSINGIL

5. Naiintindihan ng mga panig na ang mga halagang dapat bayaran para sa Non-Aid arrears (nahuhuling child support na inutos ng hukumang na bayaran mismo sa panig na nagpapaubaya ng tustos) ay mananatiling kailangan bayaran hanggang ito'y mabayaran. Walang hangganan sa panahon sa pagsingil ng nahuhuling tustos.

ANG PAGPAPATULOY NG PAGSINGIL

6. Ang lahat ng mga paraan ng pagsingil o pagpapatupad ng mga nahuhuling halaga ay maaring gamitin hanggang ang nahuhuling tustos ay mabayaran ng lubos, kabilang ang, subalit hindi limitado sa, paglipat ng kita, pagpapataw sa mga ari-arian, pagharang ng pagsasauli ng buwis, paghinto ng license, mga property lien (pag-angkin ng ari-arian), at contempt (sadyang pagsuway). Naiintindihan ng mga panig na hihintuin ng waiver of support (pagpapaubaya ng tustos) ang lahat ng paniningil ng pinaubayang tustos.

ANG KARAPATANG MATIYAK ANG HALAGA NG NAHUHULING TUSTOS NA PINAGTATALUNAN

7. Kung ang halaga ng nahuhuling tustos ay hindi alam o di-tiyak, naiintindihan ng mga panig na may karapatan sila na hilingin na suriin at tuusin ng local na child support agency (tanggapang pampanustos ng bata) ang halagang kailangang bayaran, kabilang ang lahat ng mga halagang inutos, lahat ng mga bayad, at lahat ng mga bawasin. Naiintindihan din ng mga panig na kung hindi sila nasisiyahan sa pagtuos ng tanggapan, may karapatan sila na makatanggap ng paglilitis upang matiyak ang halagang dapat bayaran.

HUMIHILING/MAYSAKDAL: PINASASAGOT/NASASAKDAL: KABILANG MAGULANG:	NUMERO NG KASO:
--	-----------------

MGA BUNGA NG PAGPAPAUBAYA NG NAHUHULING TUSTOS

8. Naiintindihan ng mga panig na kapag sinuko ng panig na nagpapaubaya ng nahuhuling tustos ang kanyang karapatan sa nahuhuling tustos, hindi na niya maaring hilingin kailanman na mabayaran ang sinukong halaga o hilingin na ibalik ng child support agency o hukuman ang halagang sinuko niya, MALIBAN KUNG tiyak niyang napanatili ang karapatang magawa ito bilang bahagi ng bagay 16.

9. Naiintindihan ng mga panig na hindi maaring isuko ng panig na nagpapaubaya ng nahuhuling tustos ang karapatang maningil ng Aid arrears (nahuhuling child support na pag-aari ng county na kapalit ng mga natanggap na public assistance benefits [pakinabanging pantustos na pambayan]). Hindi rin niya maaring isuko ang kanyang karapatan sa tustos para sa bata, o child support na kinabukasan. **Naiintindihan ng mga panig na ang tadhanang ito ay walang bisa sa kasalukuyang utos para sa child support. Kung sa kasalukuyan mayroong utos para sa child support, ang utos na iyon ay mananatiling nang buong kapayarihan at bisa.**

10. Nagkaroon ng sapat na panahon ang mga panig upang mabasa at mapag-isipan ang pagtatadhanang ito at pag-usapan ito sa sinuman at sa lahat ng kanilang mga tagapayo, tagasangguni, o abugado na kanilang pili.

11. Ang panig na nagpapaubaya ng nahuhuling tustos ay hindi pinangakuan ng anuman ng panig ng inutos na magbayad ng tustos, ng local na child support agency, hukuman, o sinumang iba, upang mahikayat siyang paubayain ang mga halagang dapat ibayad sa kanya, maliban sa gaya ng tiyakang ipinagbigay-alam na kasulatan sa pagtatadhanang ito.

12. Ang panig na nagpapaubaya ng nahuhuling tustos ay hindi pinagbantaan sa anumang paraan (sa paraan pangkatawan, emosyonal, o sa iba pang paraan) ng panig na inutusang magbayad ng tustos, ang local na child support agency, ang hukuman, o sinumang iba, upang mapilitan siyang sukuin ang mga halaga para sa tustos.

13. Pinag-isipan ng panig na nagpapaubaya ng nahuhuling tustos at kanyang pinasiya na nasa kanyang pinakamahusay na kapakanan at nasa pinakamahusay na kapakanan ng kanyang anak na kanyang isuko itong nahuhuling tustos.

ANG HALAGA NG NAHUHULING TUSTOS

14. Noong (petsa ng kinalkula):

a. a. **NON-AID ARREARS** (ang mga ito ay ang mga halagang kailangang bayaran mismo sa panig na nagpapaubaya ng nahuhuling tustos bago magkakabisa ang pagpapaubayang ito):

<u>Uri</u>	<u>Punong halaga</u>	<u>Interest</u>	<u>Panahon</u>
(1) <input type="checkbox"/> Tustos para sa bata:	\$ _____	\$ _____	_____ hanggang _____
(2) <input type="checkbox"/> Tustos para sa asawa o pamilya:	\$ _____	\$ _____	_____ hanggang _____
(3) <input type="checkbox"/> Iba pa (tukuyin):	\$ _____	\$ _____	_____ hanggang _____
(4) KABUJANG HALAGA:	\$ _____	\$ _____	
<input type="checkbox"/> Tingnan ang nakalalip 14a.			

b. NAHULIHANG TULONG (ito ay ang mga halagang nalipat at kailangang bayarin sa ahensiyang pampubliko at hindi maaring ipaubaya ng mga panig):

<u>Uri</u>	<u>Punong halaga</u>	<u>Interest</u>	<u>Panahon</u>
(1) <input type="checkbox"/> Tustos para sa bata:	\$ _____	\$ _____	_____ hanggang _____
(2) <input type="checkbox"/> Tustos para sa asawa o pamilya:	\$ _____	\$ _____	_____ hanggang _____
(3) <input type="checkbox"/> Iba pa (tukuyin):	\$ _____	\$ _____	_____ hanggang _____
(4) KABUJANG HALAGA:	\$ _____	\$ _____	
<input type="checkbox"/> Tingnan ang nakalalip 14b.			

c. Sumasang-ayon ang mga panig na ang mga halaga sa bagay 14a at 14b ay ituturing kahuli-hulihang pagtiyak ng hukuman ng halaga ng nahuhuling tustos.

BABALA: Kung ang kahon sa bagay 14c ay may check maaring mapagbawalan kayon sa hinanaharap na tumutol ukol sa halaga ng nahuhuling tustos na inilalahad sa bagay 14a at 14b.

d. Sumasang-ayon ang mga panig na ang mga halagang inilalahad sa itaas ay larawan ng nahuhuling halagang ipinapakita ng mga tala ng local na child support agency (tanggapang pampanustos ng bata). Subalit, sa pamamagitan ng pagsang-ayon sa pagpapaubaya ng mga Non-Aid arrears, ang mga panig ay hindi pa nagkasundo tungkol sa ganap na kawastuan ng nilahad na nahuhuling tustos.

HUMIHILING/MAYSAKDAL: PINASASAGOT/NASASAKDAL: KABILANG MAGULANG:	NUMERO NG KASO:
--	-----------------

PAGPAPAUBAYA NG NAHUHULING TUSTOS

15. Bilang kapalit ng binayad ng panig na inutusang magbayad ng tustos sa mga halagang inilahad sa ibaba, at ang pagtupad ng anumang ibang tadhana ipinahayag sa ibaba, ang mga panig ay nagkasunduan ng ganito (*maglagay ng check at sagutin ang alinman sa a o b, subalit hindi ang dalawa, at idagdag ang mga ibang angkop na tadhana*):

- a. Kapag nabayad ng panig na inutusang magbayad ng tustos ang halagang \$ _____ sa local na child support agency sa o bago sumapit ang (*petsa*): ika- _____, ang mga Non-Aid arrears, o mga nahuhuling halagang hindi na inilahad sa paragraph 14a sa itaas ay ituturing lubos na bayad.
- b. Kapag nabayad ng panig na inutusang magbayad ng tustos ang halagang \$ _____ sa local na child support agency sa o bago sumapit ang (*petsa*): ika- _____, ang magulang na inutusang magbayad ng tustos ay magkakaroon ng utang sa mga sumusunod na halaga para sa tustos na Non-Aid.

<u>Uri</u>	<u>Punong halaga</u>	<u>Interest</u>	<u>Panahon</u>
(1) <input type="checkbox"/> Tustos para sa bata:	\$ _____	\$ _____	noong (<i>petsa</i>): _____
(2) <input type="checkbox"/> Tustos para sa asawa/pamilya:	\$ _____	\$ _____	noong (<i>petsa</i>): _____
(3) <input type="checkbox"/> Iba pa (<i>tukuyin</i>):	\$ _____	\$ _____	noong (<i>petsa</i>): _____
(4) KABUUANG HALAGA:	\$ _____	\$ _____	

- c. Iba (*tiyakin*):
 Tingnan ang nakalakip 15 para sa mga karagdagang tadhana.

MGA TADHANA NG PAGPAPAUBAYA

16. Nababatay ang pagpapaubaya ng nahuhuling tustos sa pagbayad ng panig na inutusang magbayad ng pinagkasunduang tustos na inilahad sa document nito. Kung mabigo ang panig na inutusang magbayad ng tustos sa pagtupad ng anumang tadhana, ang pagpapaubayang ito ay MAPAPAWALANG-BISA at MAPAPAWALANG-SAYSAY at mawawalan ng anumang kapangyarihan o bisa. Subalit, kung may check ang 14c, ang pagtakda ng nahuhuling tustos sa mga bagay 14a at 14b ay mananatiling may-bisa bilang pagpasiya ng hukuman ng halaga ng mga nahuhuling tustos. Ang mga tiyak na tadhana ng pagpapaubayang ito ay gaya ng mga sumusunod:

- a. Mga karagdagang tadhana ng pagpapaubayang ito (*di-sapilitan*) (*i.e., bayad ng buong halaga, napapanahong pagbayad ng kasalukuyang tustos, atbp.*):

- b. Tingnan ang nakalakip 16 para sa mga karagdagang tadhana ng pagpapaubaya. **Bawat panig ay kailangang titikan o lagdaan ang lahat ng mga karagdagang page.**

17. Hindi iniiba ng pagtatadhana o utos nito ni walang-bisa ukol sa tungkulin ng panig na inutusang magbayad ng kasalukuyang tustos na nagtitipon, o ng nahuhuling tustos na maaaring magtipon, pagkatapos ng petsang nakasulat sa bagay 14.

18. Naiintindihan ng bawat panig na hindi sila kinakatawan sa kasong ito ng local na child support agency. Hindi binigyan ang alinman sa mga panig ng pagpayo ng local na child support agency, o ng sinumang mga abugado nito, o ng family law facilitator (taga-paalwan sa batas pampamilya) hinggil sa pagtatadhanang ito.

19. Nabasa ko at naiintindihan ang Advisement and Waiver of Rights for Stipulation (pagsisiyasat at pagpapaubaya ng mga karapatan para sa pagtatadhana); o 19. Nilalaman ng form nito ang buong pagkakaunawa at pagkakasundo ng mga panig, at walang sinuman ang nangako ni sa salita ni sa kasulatan o nagbigay ng mga tadhana, maliban sa gaya ng inilahad sa form nito.

Petsa:

 (MAKINILYAHIN O LIMBAGIN ANG PANGALAN)

▶ _____
 (LAGDA NG PANIG NA NAGPAPAUBAYA NG NAHUHULING TUSTOS)

Petsa:

 (MAKINILYAHIN O LIMBAGIN ANG PANGALAN)

▶ _____
 (LAGDA NG PANIG NA INUTUSANG MAGBAYAD NG TUSTOS)

PAHAYAG NG ABUGADO

Ako ang nakatalang abugado ng panig na binabanggit sa pagpapaubayang ito. Tinalakay namin ng aking client ang form nito at ang anumang mga nakalakip. Ipinaliwanag ko sa kanya ang lahat ng mga tadhana sa form nito at sinagot ko ang kanyang mga tanong ukol sa form nito. Pinag-usapan namin ang mga katotohanan ng kasong ito at ang mga ibang maaring pamimilian at ang mga tadhana ng pagpapaubaya. Naipaliwanag ko ang mga bunga ng pagpapaubaya at ang mga kapakinabangan at kapinsalaan ng anumang kasunduan.

Petsa: _____
(MAKINILYAHIN O LIMBAGIN ANG PANGALAN)  _____
(LAGDA NG ABUGADO PARA SA PANIG NA INUUTUSANG MAGBAYAD NG TUSTOS)

Petsa: _____
(MAKINILYAHIN O LIMBAGIN ANG PANGALAN)  _____
(LAGDA NG ABUGADO PARA SA PANIG NA NAGPAPAUBAYA NG NAHUHULING TUSTOS)

LOCAL NA CHILD SUPPORT AGENCY

Petsa: _____
(MAKINILYAHIN O LIMBAGIN ANG PANGALAN, TITULO AT COUNTY)  _____
(LAGDA NG KINATAWAN NG LOCAL NA CHILD SUPPORT AGENCY)

PAGPAPAHAYAG NG INTERPRETER/TRANSLATOR (tagasalin; kung angkop):

Hindi kayang basahin o intindihin ng panig/mga panig na nababanggit sa ibaba ang *Stipulation and Order Waiving Unassigned Arrears* (pagtatadhana at pag-utos na nagpapaubaya ng mga nahuhuling halagang hindi nalipat,) dahil

- Ang pangunahing wika ng panig na nagpapaubaya ng nahuhuling tustos ay (*tukuyin*): at _____ nabasa niya _____ hindi niya nabasa ang form para sa pagtatadhana, na sinalin sa wikang ito.
- Ang pangunahing wika ng panig na inuutusang magbayad ng tustos ay (*tukuyin*): at _____ nabasa niya _____ hindi niya nabasa ang form para sa pagtatadhana, na sinalin sa wikang ito.

Pinatutunayan ko habang nasasakop ng parusang perjury (nagsinung-aling habang nanumpa ng katotohanan) alinsunod sa mga batas ng State ng California na ako'y may-kakayahan na mag-interpret o mag-translate (magsalin) sa pangunahing wikang nababanggit sa itaas, at sa buo kong kakayahan, binasa at sinalin ko para sa nababanggit na panig sa itaas ang *Stipulation and Order Waiving Unassigned Arrears* sa kanyang pangunahing wika. Sinabi ng panig/mga panig na nababanggit sa itaas na naintindihan nila ang mga tadhana ng *Stipulation and Order Waiving Unassigned Arrears* bago nila nilagdaan ito.

Petsa: _____
(MAKINILYAHIN O LIMBAGIN ANG PANGALAN) Petsa: _____
(MAKINILYAHIN O LIMBAGIN ANG PANGALAN)

 _____
(LAGDA)  _____
(LAGDA)

ANG MGA NALAMAN AT PAG-UTOS NG HUKUMAN

Pinagpasiya ng hukuman, pagkatapos napag-aralang muli at pinag-aralan ang pagtatadhanang ito at anumang mga nakanakalakip, na sadya, may malay, kusang-loob, at matalino na pinaubaya ng panig na dapat bayaran ng tustos ang nahuhuling tustos na mas tiyak na inilahad sa document nito. Tinatanggap at ina-aprobahan ng hukuman ang tadhanang ito at inuutos na matigil ang lahat ng karagdagang pagpapatupad na may kaugnayan sa pinaubayang tustos.

INUTOS ANG GAYON.

Petsa: _____
(PINUNONG HUKUMAN NG SUPERIOR COURT)